

II

Paghilom sa Dagat ng Lungkot

Christine Marie L. Magpile
clmagpile@up.edu.ph

Oyayi ng Pait

Nagising ako mula sa pait,
Bawat putok ay sugat ng gabi.
Ngunit sa dagat ng lungkot,
May tinig na bumubulong:
“Hilumin ang alaala, yakapin ang liwanag.”

Sa luha ng ina, sa palahaw ng ama,
Sa mata ng anak na naghahanap ng araw —
Ako’y nagiging abo,
Ngunit sa abo’y sumisibol
Ang binhi ng pag-asa.

Bawat buhay na nawala,
Bawat kuwento na natapos,
Ay isang oyayi na muling inaawit
Sa dalampasigan ng paghilom.

Paghilom ng Apoy

Minsan akong naniwala na
Ang kapangyarihan ko'y banal.
Isang puwersa upang hubugin
Ang mundo at dalhin ito sa liwanag.

Ang layunin ko ay maganda,
Gabayan ang sangkatauhan
Sa pinakamadilim na gabi.
Ngunit ang apoy ng poot ay nagliyab.

Nakita ko ag kakila-kilabot na aking ginawa.
Nagsunog ito ng laman, pag-asa't, pangarap.
Ang tawa ng mga bata ay natahimik sa panaghoy
Ng mga dumanak na buhay na aking ninakaw.

Sa abo ng aking kasalanan,
May mga bulaklak na muling sisibol,
Parang awit ng dagat na humahaplos
Sa sugatang baybayin ng mundo.

Kung ang dagat ng lungkot ay malalim,
Naroon din ang alon ng kapatawaran.
At sa bawat hampas ng tubig,
Unti-unting pinapawi ang apoy ng poot.

Sa Dagat ng Paghilom

Sa bawat hampas ng alon,
Nagdadala ng kirot ang alaala—
Mga salitang di masabi,
Mga damdaming lumulutang sa hangin.
Tila mga sirang bangka na walang pantalan.

Ang puso'y nalulunod,
Nilalamon ng dagat ng pangamba.
Ang kaluluwa'y nakabalot sa dilim,
Walang gabay, walang ilaw,
Parang bituin na nagkubli sa ulap.

Ngunit sa gitna ng unos,
May tinig na bumubulong:
"Sugatan ka man, hindi ka nag-iisa."
Ang tinig ng Ina'y,
Parang ilaw sa pampang,
Nagbabalik ng pag-asa sa bawat gabi.

Ang yakap ni Ama,
Tila lambat na sumasalo
Sa pusong naglalayag palayo.
Sa kaniyang bisig,
Ang dagat ng lungkot ay unti-unting
Nagiging payapa.

Ang alon ay naging awit,
Sumasayaw sa agos ng buhay.
Natagpuan ko ang aking sarili,
At handa nang lumayag muli.

Paghilom sa Daluyong ng Lungkot

Sa dagat ng lungkot, ako'y lumalangoy,
Alon ng pangamba, sa dibdib ay kumukuyom.
Ngunit sa bawat hampas ng hanging malamig,
May bulong ng paglingap, may awit ng pag-ibig.

Karamay ang hanap sa dilim ng gabi,
Kaibigan na tunay, tanglaw sa pighati.
Sa bawat pagod, sa bawat sugat ng laban,
May bisig na handang umalalay, magdamay.

Bangon, wika ng araw sa pagsikat,
Lungkot ay unos, di tanda ng pagkupas.
Tibay ng loob, siyang sagwan ng pag-ahon,
Pag-asa'y ilaw sa baybayin ng kahapon.

Isang dagat na minsang nilanguyan ng luha,
Ngayo'y dagat ng lakas, dagat ng pag-asa.
Sa bawat hampas ng alon, sa bawat pag-ikot ng agos,
May dalang habilin: huwag sumuko, huwag magtapos.

Si **Christine Marie Lim Magpile** ay nagtapos ng Bachelor of Secondary Education-History major sa Unibersidad ng Santo Tomas, Maynila (cum laude). Nakompleto niya ang pang-akademikong kahingian para sa MA in Counseling sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Kasalukuyan siyang gradwadong mag-aaral ng MA Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Naging fellow siya sa mga pambansang palihan sa pagsusulat tulad ng LIRA Workshop (2007 at 2023), UST National Writers Workshop (2008), Angono Summer Writers Workshop (2018), La Salle Kritika for Arts and Cultural Criticism (2019), DLSU Young Screenwriters Workshop (2023), at UPLB National Writers Workshop (2025). Bukod sa guro ng Araling Panlipunan, Filipino, at Malikhaing Pagsulat, si Magpile ay isa ring textbook author at editor, malikhaing manunulat, at tagasalin. Sa kasalukuyan, isa siyang University Researcher III sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.